Ahensya ng Serbisyong Pang-imigrasyon
Binalangkas noong Marso 31, 2006
Nirebisa noong Abril 26, 2017
Nirebisa noong Mayo 31, 2019

Patnubay Tungkol sa Pagpapahintulot ukol sa Permanenteng Paninirahan

1. Mga bagay na kinakailangan sa ibabaw ng batas

(1) May mabuting pag-uugali
Sumusunod sa batas, namumuhay ayon sa katayuan sa lipunan ng walang anumang kapintasan bilang isang mamamayan sa araw-araw na pamumuhay.

(2) May sapat na pag-aari at abilidad upang itaguyod ang sariling pamumuhay. Hindi magiging pabigat sa publiko sa araw-araw na pamumuhay, makikita ang pagkakaroon ng matatag na pamumuhay dahil sa tinatanganang pag-aari, abilidad at iba pa.

(3) May pagpapatunay na magiging kapakipakinabang sa bansang Japan ang paninirahan ng permanente ng taong ito.

a) Sa karaniwan, kailangan na tuloy-tuloy ng sampung <10> taon o higit pa ang paninirahan sa bansang Japan. Gayunman, kailangan na sa loob ng panahong ito ay may tuloy-tuloy na limang <5> taon o higit pa na pananatili gamit ang working visa (liban sa visang "Technical Intern Training" at "Specified Skill Worker (i)") o residence visa.
b) Hindi pa napapatawan ng anumang multa at pagkakakulong. Isinasagawa nang wasto ang mga tungkuling pambayan (pagbabayad ng buwis, pagbabayad ng pensyong pambayan at bayad sa seguro ng pampublikong segurong medikal, at tungkulin tulad ng pag-uulat na nakasaad sa Immigration Control and Refugee Recognition Act at iba pa).
c) Tungkol sa tinanganang visa sa kasalukuyan, kailangan na tangan ang pinakamahabang panahon ng paninirahan ayon sa annex bilang 2 ng ordinansang ipinatutupad sa Immigration Control and Refugee Recognition Act
d) Ipinapalagay na walang idudulot na pinsala sa pampublikong kalusugan.

* Gayunman, kung asawa o anak ng isang Hapon, Permanent resident, o Special permanent resident, hindi na kakailanganing pumailalim sa bilang (1) at (2). Gayundin, kung mayroong refugee recognition, hindi kailangang pumailalim sa bilang (2).

2. Mga eksepsyon tungkol sa karaniwang sampung <10> taon na paninirahan

(1) Kung asawa ng isang Hapon, Permanent resident, o Special permanent resident, kailangan na patuloy na nagsasama ng totohanan sa loob ng tatlong <3> taon at higit pa. Gayundin, kailangan na tuloy-tuloy ang paninirahan ng isang <1> taon o higit pa sa bansang Japan. Kung anak naman, kailangan na tuloy-tuloy ang paninirahan ng isang <1> taon o higit pa sa bansang Japan.

(2) Kung ang visa ay [Long-term resident], kailangan na tuloy-tuloy ang paninirahan ng limang <5> taon o higit pa sa bansang Japan.

(3) Kung mayroong refugee recognition, kailangan na tuloy-tuloy ang panini- rahan ng limang <5> taon o higit pa sa bansang Japan matapos na mabigyan ng recognition.

(4) Sinomang kinikilala ng bansang Japan na may kontribusyon sa larangan ng diplomasya, lipunan, ekonomiya, kultura at iba pa, at naninirahan ng limang <5> taon o higit pa sa bansang Japan.
* Basahin ang patnubay tungkol sa [Kontribusyon para sa bansang Japan]

(5) Sinomang nagsasagawa ng mga gawain na nabibilang sa alinman sa blg. 36 o blg. 37 ng mga itinakdang gawain sa ibaba ng talaan sa 5 ng annex blg. 1 (ika-131 abiso mula sa Ministry of Justice ng 1990) na alinsunod sa pagtatakda ng blg. 2, takda blg. 1 ng artikulo blg. 7 ng Immigration Control and Refugee Recognition Law, sa mga binanggit na pampubliko at pampribadong institusyon na napapaloob sa itinakdang lugar sa plano ng muling pagpapasigla ng komunidad, na inaprubahan alinsunod sa takda blg. 16 ng artikulo blg. 5 ng Local Revitalization Act (ika-24 Batas ng 2005), at kinikilalang may kontribusyon sa bansang Japan sa paggawa ng mga aktibidad na ito, at tuluy-tuloy ang paninirahan ng tatlong <3> taon o higit pa sa bansang Japan.

(6) Sinomang may pitumpung <70> puntos o higit pa kapag isinagawa ang kakulasyon ng puntos na itinakda sa “ordenansa sa pagtatakda ng pamatayan” sa ibaba ng mga trabahong “lubos na bihasang propesyonal” sa talaan sa 2 ng annex blg. 1 ng Immigration Control and Refugee Recognition Law (Tatawaging [Ordenansa ng mga trabahong lubos na bihasang propesyonal] sa ibaba.), at naaangkop sa alinman sa ibaba:

(a) Tuluy-tuloy ang paninirahan ng tatlong <3> taon sa bansang Japan bilang isang [Lubos na bihasang tauhang dayuhan].
(b) Tuluy-tuloy ang paninirahan ng tatlong <3> taon sa bansang Japan, at kinikilalang may pitumpung <70> puntos o higit pa, bilang pamantayan, tatlong <3> taon bago ang araw na nagpasa ng aplikasyon para sa pagpapahintulot sa permanenteng paninirahan kapag isinagawa ang kalkulasyon ng puntos na itinakda sa “ordenansa sa pagtatakda ng pamantayan.”

(7) Sinomang may walumpung <80> puntos o higit pa kapag isinagawa ang kalkulasyon ng puntos na itinakda sa “ordenansa sa pagtatakda ng pamantayan,” at naaangkop sa alinman sa ibaba:

(a) Tuluy-tuloy ang paninirahan ng isang <1> taon sa bansang Japan bilang isang [Lubos na bihasang tauhang dayuhan].
(b) Tuluy-tuloy ang paninirahan ng isang <1> taon sa bansang Japan, at kinikilalang may walumpung <80> puntos o higit pa, bilang pamantayan, isang <1> taon bago ang araw na nagpasa ng aplikasyon para sa pagpapahintulot sa permanenteng paninirahan kapag isinagawa ang kalkulasyon ng puntos na itinakda sa “ordenansa sa pagtatakda ng pamantayan.”

(Dapat Tandaan 1) Tungkol sa patnubay na ito, kung may tatlong <3> taon na ang panahon ng paninirahan sa ngayon, ituturing na ang panahong ito ay pumapa-ilalim sa binabanggit na [pinakamahabang panahon ng paninirahan] na nakasulat sa [c] ng (3) sa bilang 1 ng naunang pahina.

(Dapat Tandaan 2) Ang [Lubos na bihasang tauhang dayuhan] na nabanggit sa 2 (6) (a) sa itaas ay tumutukoy sa taong may pitumpung <70> puntos o higit pa kapag isinagawa ang kalkulasyon ng puntos, at ang [Lubos na bihasang tauhang dayuhan] naman na nabanggit sa 2 (7) (a) sa itaas ay tumutukoy sa taong may walumpung <80> puntos o higit pa kapag isinagawa ang kalkulasyon ng puntos.